

Accommodation Treatment Guidebook

Kayo ay magpapagaling pansamantala sa hotel. Mangyaring sundin ang mga panuntunan para ang inyong pamamalagi ay magiging ligtas at matiwasay. Kung kayo ay may mga problema o concern ukol sa inyong pamamalagi sa hotel o kalusugan, huwag mag-atubiling kontakin ang staff.

1 Mga bagay na ihanda ng maaga

【Mga pangunahing kagamitan sa pasilidad (Libre at walang bayad ang paggamit)】

Ang mga sumusunod na item ay inihanda ng prefecture sa bawat kwarto ng hotel.

- Kama, unan
- Shampoo, conditioner, body Soap, tissue, toilet Paper, tsinelas
- TV, refrigerator, Wi-Fi, hair dryer, kettle pot
- Thermometer, pulse oximeter

【Essential na gamit pang-araw-araw na kailangan dalahin】

- Insurance Card
- Cash (perang pambayad sa transportasyon kung uuwi na)
- Medicine booklet o explanation sheet na binigay ng pharmacy
- Cellphone o smartphone (optional)
- Damit (pajama, salawal, pambahay na damit, jacket na panlamig at iba pa)
- Tuwalya (bath towel o face towel 2-3 piraso kada towel)
- Laundry soap, laundry clips at iba pa, clip type-sampayan kung kailangan
- Toothbrush, toothpaste, razor, suklay, cup
- Mask
- Mga iba pang kailangan (regular na gamot, panulat, salamim) at iba pa.
- Pwedeng magdala ng pagkain at inumin (bawal magdala ng babasaging bote at lata) , pero bawal ang pagdala ng kahit anung uri ng alcohol na inumin.
- Kung may bata kayong kasama ninyong magpapagaling, dalhin ang kanilan gustong laruan.

【Ihanda ang mga gamot】

- Kung mayroon kang anumang mga regular na gamut tulad ng patak sa mata, mga patch, pamahid, o gamot na madalas mong iniinom (gamot sa sakit ng ulo, gamot sa TB, atbp.), maaaring kailanganin mong magdala nito ng 10 araw na doses kada gamot.

- Kung naubusan ka ng gamot sa panahon ng iyong pananatili, mangyaring komunsulta sa iyong doktor ng pamilya at inireseta ito sa pamamagitan ng telepono.

【Gastos】

- Ang pamamalagi at pagkain sa hotel ay libre o walang bayad.
- Kung kayo ay makakatanggap ng reseta na gamot na walang kinalaman sa COVID-19, kailangan ninyo itong bayaran.

2 Daloy ng Accommodation Treatment

【Simula ng medical treatment - hanggang sa medical treatment】

- **Mangyaring huwag lumabas. Magpagaling sa loob ng kwarto ng hotel.**
- I-check ang kundisyon ng katawan araw-araw.
- Mayroong iba't ibang mga paghihigpit, ngunit mangyaring sundin ang mga patakaran para sa pag-iwas sa impeksyon.
- Kung magiging malubha ang inyong karamdaman, kayo ay ililipat sa ospital.

【Pagtatapos ng gamutan】

- Kung 10 araw na ang lumipas mula nung nagsimula ang sakit, (petsa ng pagkuha ng sample para sa mga asymptomatic na pasyente) at lumipas na ang 72 oras simula nung humupa ang mga sintomas, ang paggagamot ay tatapusin na base sa desisyon ng doktor.
- Kung kayo ay uuwi na, walang ibibigay na tulong sa pagbiyahe.
- Walang ibibigay na Medical Certificate nagpapatunay na gumaling na kayo.

3 Pag-iingat sa panahon ng pananatili

【Pangunahing items sa pasilidad】

- Kadalasan, ang kada tao ay manunuluyan sa isang private room (may bathroom at toilet)
- **Sa inyong pananatili sa hotel, hindi ka pwedeng umalis sa designated area sa loob ng building.**

【Araw-araw na pagcheck ng kundisyon ng katawan】

- Araw-araw dalawang beses i-check nyo ang temperatura ng katawan tuwing 7:30 ng umaga at 4:00 ng hapon at isulat ito sa “Health Check Sheet” .
- Tuwing 10:00 ng umaga at 5:00 ng hapon, tatawag ang nurse o staff sa telepono upang kausapin kayo tungkol sa kundisyon ng inyong katawan base sa iyong Health Check Sheet.

- Kung may pagbabago sa kundisyon ng inyong katawan (lalo na ang pagkakaroon ng lagnat) kahit na dis-oras na ng gabi, huwag mag-alinlangan na tawagan kaagad ang nurse. Mag naka assign na doctor ang titingin kaagad sa inyong kalagayan. (Ang contact information ay inaanunso sa ibang pagkakataon.)

【Pagkain】

- Ang pagkain ay araw-araw sa takdang 8:00 ng umaga, 12:00 ng tanghali at 6:00 ng gabi. (Ang bento (pagkain) ay ilalagay ng mga staff sa Amenity Rooms ng bawat floor at kanila itong iaanunso sa buong building o tatawagan kayo kung pwede na itong kunin.)
- Ang tea bags din ay nasa Amenity Rooms (room number 17 ng bawat floor (halimbawa : nasa 5th floor → room number 517)) .Kumuha lamang ng sapat sa pangangailangan.
- Hindi kailangang ubusin lahat ang pagkain sa bento boxes. Bawasan nyo lang isaalang-alang ang kundisyon nyo. Bigyang-pansin ang pamahalaan ng kundisyon ng katawan.
- Para maiwasan ang food poisoning o pagkapanis ng pagkain, kakainin kaagad ang pagkain. Ang mga tira-tirang pagkain ay dapat itapon.

【Paliligo at paghugas ng kamay】

- May banyo at CR sa bawat kwarto. Walang mga paghihigpit sa oras ng paggamit ng bathroom, ngunit mangyaring magbigay ng konsiderasyon sa paligid kapag ginagamit ito sa kalagitnaan ng gabi o madaling araw.
- Kung kayo ay kukuha ng bento, mangyaring isabay narin ang pagkuha ng mga amenities na kinakailangan tulad ng sabon, toilet paper at iba pa.

【Paglilinis at basura】

- Ang paglilinis ng kwarto ay sariling responsibilidad.
- Kung kukuha kayo ng bento box sa umaga, mangyaring pakisabay na rin ang pagtapong ng buong araw na mga basura (bento boxes ng umaga, tanghali at gabi, at iba pa). Ilagay ito sa plastic bag at itali na walang nakabukas ng bahagi ng plastik bag at itapon ito sa basurahan na nakalagay sa harap ng elevator ng bawat floor.

【Paghahanda sa gamot】

- Kung malapit nang maubos ang inyong iniinom na gamot, tumawag sa telepono upang makausap ang family doctor para maresetahan kayo ng gamot.
- Ang inyong kapamilya ang tatanggapin at dadalhin sa inyo ang gamot.

***Tingnan sa baba 【Para sa mga kapamilya ng pasyente】**

【Mga dapat ingatan ng mga sumasailalim sa Accommodation Treatment】

- Maliban sa pagkuha ng pagkain, mangyaring manatili lamang sa loob ng inyong kwarto. (Hindi ka pwedeng lumabas ng building.)
- Iwasang mag-usap sa kapwa na naka check-in sa hotel.
- Ang pag-inom at paninigarilyo ay mahigpit na pinagbabawal dahil nakakapagpalala ito ng karamdaman o mahirap nitong tukuyin ang totoong pangkalusugang kundisyon ng katawan. (Ang mga smokeless at electric cigarettes ay mahigpit na pinagbabawal.)
- Maari naming tanggihan ang sinuman na sumasailalim sa Accommodation Treatment kung hindi nito sinusunod ang mga patakaran na nakasulat sa Guidebook na ito o kung ang inyong kinikilos ay nakaka-abala sa ibang tao na nagpapagaling sa hotel na ito.

【Pasilidad ng hotel at equipment】

- Kung ang mga pasilidad at equipment sa loob ng hotel ay nasira, maaaring ikaw ay kailangan magbayad sa pagpapa-ayos base sa standard ng pasilidad.

【Para sa mga kapamilya ng pasyente】

- Kung kayo ay magdala ng gamit sa pasyente (kabilang ang gamot) tawagan muna ang hotel bago pumunta.

Kukunin ng staff ang padala mula sa labas ng hotel. (Ang contact information ay ibibigay ng hiwalay.)

Oras ng pagtanggap ng tawag : normally mula 10:00AM hanggang 3:00PM

Oras ng pagtanggap ng padala : normally mula 2:00PM hanggang 4:00PM

(Mangyaring tandaan na susuriin namin ang mga nilalaman ng padala bago pasa ito sa pasyente.)

- Ang padala/delivery ay ilalagay sa Amenity Room ng bawat floor. Dahil hindi pwedeng kunin ang pinadala anytime, hindi naming pwedeng tanggapin ang mga hilaw na pagkain, mga mamahaling personal na bagay, lata at bote.

(Ang mga bagay na inyong ipinadala ay hindi namin pwedeng ilagay sa refrigerator. Mga ilang oras ang aabutin mula storage hanggang pagkuha ng pasyente kaya huwag magdala ng mga bagay na ikaw ay nag-aalala ukol sa pagbaba ng kalidad nito dahil sa room temperature.

(Mangyaring tandaan na hindi kami responsable sa anumang pagnakaw o pagkawala ng inyong mga gamit.)

Ang hotel ay may mga staff 24 oras sa kada araw. Kung masama ang inyong pakiramdam, kagaya ng pag-ubo o lagnat, o di kaya kung emergency, huwag mag atubiling tawagan kami kahit anung oras. (Ang contact information ay ibibigay ng hiwalay.)

Kami ay nananalangin sa inyong mabilis na paggaling.

Hiroshima Prefectural Health and Welfare Affairs